Gupitin ang mga kard, itupi sa tuldok-tuldok na linya, at pagdikitin ng teyp ang mga ito.



# ABIGAIL

"Isang babaeng may mabuting pang-unawa."

- Siya ay matalino at matwid. Ngunit ang kanyang asawa ay hangal at masama.
- Isang mandirigmang nagngangalang David ang humingi ng pagkain sa kanyang asawa. Tumanggi ang kanyang asawa. Nagalit si David.
- Nagpadala si Abigail ng pagkain kay David para hindi saktan ni David ang kanyang asawa. Nagligtas si Abigail ng maraming buhay.

**(1 Samuel 25:3)**



# EZRA

"[Hinangad niya] ang batas ng Panginoon."

- Isa siyang eskriba. Iningatan niya ang mga banal na kasulatan.
- Binasa at ipinaliwanag niya ang mga banal na kasulatan sa mga tao para maunawaan nila.
- Isa siyang mahusay na guro. Tinulungan niya ang maraming tao na matutuhan ang ebanghelyo.

**(Ezra 7:10)**

MGA LARAWANG-GUHIT NI ALONA MILLGRAM